


Physical Education

Ikaapat na Markahan – Modyul 6: Malikhaing Pagsayaw



Physical Education – Ikaapat na Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikaapat na Markahan – Modyul 6: Malikhaing Pagsayaw
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-arang iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Sheila R. Serrano

Tagasuri: Rafael E. Balde

Tagaguhit: Emma N. Malapo

Tagalapat: Sheila R. Serrano

Tagapamahala: Regional Director: Gilbert T. Sadsad

CLMD Chief: Francisco B. Bulalacao, Jr.

Regional EPS In Charge of LRMS: Grace U. Rabales

Regional ADM Coordinator: Ma. Leilani R. Lorico

CID Chief: Jerson V. Toralde

Division EPS in Charge of LRMS: Belen B. Pili

Division ADM Coordinator: Cynthia T. Montanez

Inilimbag sa Pilipinas ng

Department of Education – Region V

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legaspi City 4500

Telefax: 0917 178 1288

E-mail Address: region5@deped.gov.ph

Physical Education

**Ikaapat na Markahan – Modyul 6:
Malikhaing Pagsayaw**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin



Isang mapagpala at magandang araw sa iyo!

Kumusta ka?

Mabuti naman at maayos ang iyong kalagayan!

Sabik ka na ba sa bago nating aralin?


Ang modyul na ito ay magpapalawak ng kaalaman mo tungkol sa mga Katutubong Galaw sa Makabagong Sayaw.

Sa araling ito, ating makikita na ang bawat hakbang-sayaw na gamit nila sa pag indak ay hango pa rin sa katutubong galaw. Ang nagiging dahilan lamang ng pagkakaiba ay ang musika sa makabagong panahon.

Layunin ng modyul na ito ang mga sumusunod;


1. Naisasagawa ang magkakaibang kasanayang kasangkot sa sayaw.
2. Naipapahayag ang kahalagaan pakikilahok sa mga ng pisikal na aktibidad.

O ano? Handa ka na ba?
Halika! Simulan na natin.





Subukin



Tingnan muna natin kung hanggang saan na ang kaalaman mo sa katutubong galaw.

Panuto: Gumawa ng talaan ng mga hakbang sayaw na ginagamit natin sa sa katutubong sayawa na Ba-Ingles at Liki.

Ba-Ingles	Liki
1.	
2.	
3.	
4.	
5.	

Aralin


1

Malikhaing Pagsayaw



Balikan

Balik-aralan at sayawin ang naitala ninyo.
Isiping mabuti ang bawat hakbang-sayaw at bilang nito.



Kumusta? Na sagutan mo ba ito
at naisagawang mabuti?

Tingnan sa pahina 10.

Maaari ka nang magpatuloy.



Mga Tala para sa Guro

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o
estrategiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.



Tuklasin

Panuto: Paghahasa ng kakayahan

1. Gawin ang mga sumusunod na “Hakbang Sayaw” alinsunod sa isinasaad na pamamaraan.at kung paano ito isasagawa.


- Hop Step
- Close Step
- Touch Step
- Change Step
- Change Step Turn
- Waltz
- Waltz Turn
- Three Step Turn

Isang mungkahi lamang ang “Table” sa ibaba . . .

Hakbang Sayaw	Pamamaraan	Isagawa
Hop Step	Step Hop	Apat na ulit pasulong at apat na ulit paatras.
Close Step	Step Close	Apat na ulit pakanan at apat na ulit pakaliwa.
Touch Step	Touch/Point Close	Walong ulit sa sariling lugar (in place)
Change Step	Step Close Step	Apat na ulit sa kanan at apat na ulit sa kaliwa
Change Step Turn	Step Close Step (while turning)	Apat na ulit iikot pakanan (clockwise) at apat pakaliwa (counter


		clockwise)
Waltz	Step Close Step	Apat na ulit pasulong at apat paatras (forward and backward)
Waltz Turn	Step Close Step (while turning)	Apat na ulit iikot pakanan (clockwise) at apat pakaliwa (counter clockwise)
Three Step Turn	Step Step Step (while turning)	Apat na ulit iikot pakanan (clockwise) at apat pakaliwa (counter clockwise)

Naisagawa mo ba ito ng tama?
Magaling!





Suriin



Ngayon, handa ka na bang
palawakin pa ang iyong kaalaman?
Tara na! Ipagpatuloy mo pa.

Upang lalong mapalawak ang iyong kaalaman tungkol sa Malikhaing Pagsasayaw gamit ang Katutubong Galaw sa Makabagong Sayaw, ating balik-aralan kung anu-ano ang mga kasanayan sa pagsasayaw ng Ba-Ingles at kung ano ang pinagkaiba pagkakapareho nito sa sayaw na Liki ng ating mga ninuno.

Ang sayaw na *Ba-Ingles* ay isang masiglang sayaw na nagmula sa Cabugao, Ilocos Sur. Ito ay hinalaw sa salitang baile at Ingles na ang ibig sabihin ay *English Dance*. Sinasabing ang sayaw na ito ay dala-dala ng mga mangangalakal mula sa Inglatera maliban sa huling bahagi na masasabing tunay (*typical*) na Ilokano.


Habang ang Liki ay isang sayaw na galing sa Visayas na nagpapakita ng paglalandi. Ang sayaw na ito ay mula sa Bago, Negros Occidental. Ito ay nagpapakita ng isang nakagagalit at pamamaluktot na paraan at titingnan ang kapareha tuwing

possible lamang. Ang mga mananayaw ay maaaring magsuot ng anumang kasuotan sa Visayan.


Ang katutubong sayaw ay nagpapahayag ng iba't ibang saloobin at damdamin. Ito'y isang uri ng pagpapakita ng matinding kaligayahan at maalab na damdamin, pagibig, at pagkakaiba.

Sa kasalukuyan, ang katutubong sayaw ay binubuhay sa puso at isip ng mga kabataang Pilipino sa pamamagitan ng maraming kapistahan o *festival* sa iba't-ibang panig ng ating bansa. Nagpapakita ito ng pagkakaisa, paniniwala, at kaugalian ng mga mamamayan sa iba't-ibang bayan.

Ilan sa mga halimbawa ng katutubong sayaw ay ang: Tinikling, Pandanggo sa Ilaw, Cariñosa, Maglalatik at Tiklos.



Pagyamanin



Ngayong alam mo na ang kahalagahan malikhaing pagsasayaw, subukan mong gawin ang sumusunod na gawain

Panuto: Sa tulong ng iyong magulang, nakatatandang kapatid at iba pang kasama sa bahay, isagawa nang buong husay at may ibayong pagiingat ang mga gawain.

Subukin nating gawin ito sa saliw ng makabagong tugtugin.

Panimulang Posisyon: Nakatayong magkadikit ang dalawang paa.

- a. Walk (lakad)
- b. Hop Step
- c. Close Step
- d. Touch Step
- e. Change Step
- f. Change Step Turn
- g. Waltz
- h. Three Step Turn
- i. Waltz Turn


Sa Makabagong Indak (Modern/Popular Way)

Panuto: Markahan ang inyong sarili sa tulong ng 3-point scale, 3 ang pinakamataas at ang 1 ang pinakamababa, gamit ang sumusunod na pamantayan

1. Panatilihin ang tamang pamamaraan sa pagsasagawa ng mga “Hakbang Sayaw.”
2. Ulit-ulitin nang maisaulo.
3. Lapatan ng kilos ng kamay at katawan.
4. Pumili at gumawa ng kombinasyon.
5. Lagyan ng direksyon ng patutunguhan.
6. Saliwan ng usong tugtog o musika.

PAMANTAYAN	3	2	1
Mastery of the dance steps (30%)	4 figures memorized	2-3 figures memorized	1 figure memorized
Dance Position & movements (35%)	Accurate execution of dance steps and movements	Some dance steps and movements were executed properly	Few dance steps and movements were executed properly
Musicality (20%)	4 figures were danced rhythmically	2-3 figures were dance somewhat rhythmically	1 figure was danced rhythmically

Naisagawa mo ba ng maayos?
Ang galing!
Binabati kita!





Isaisip

Isaisip mabuti...

Sa kasalukuyan ang kabataan ay nakatuon lamang ang pansin sa makabagong sayaw wari'y nakaligtaan na ang katutubong sayaw ng ating mga ninuno. Ngunit kung inyong pagmamasdan, ang bawat galaw na gamit nila sa pag indak ay hango pa rin sa katutubong galaw. Ang kadahilanan lamang ng pagkakaiba ay ang musika na ginagamit sa makabagong panahon.



Isagawa

Panuto: Sagutin ang sumusunod na tanong. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Anong mga sayaw ang pwedeng gamitan ng makabagong tugtugin at gawing malikhaing sayaw?
2. Bakit mahalaga ang katutubong sayaw o makabagong sayaw?
3. Ano sa inyong palagay ang nagiging dahilan ng pagkakaiba ng dalawang uri ng sayaw na ito?





Tayahin


Panuto: Sa tulong ng inihandang tseklist, lagyan ng tsek (/) ang paraan ng pagsasagawa ng mga batayang hakbang.

Mga Batayang Posiyon	1 Hindi Naisagawa	2 Bahagyang Naisagawa	3 Lubos na Naisagawa	4 Kahangahangang Pagsasagawa
Hop Step				
Close Step				
Touch Step				
Change Step				
Change Step Turn				
Waltz				
Waltz Turn				
Three Step Turn				
Change Step Turn				

Magaling!

Nisagawa mo ba ito ng mahusay?

Binabati kita!





Karagdagang Gawain

Panuto: Sa tulong ng isang PANGAKO na nasa ibaba, gumawa ng personal na pangako para sa pagpamalas ng pagpapahalaga sa katutubong galaw sa makabagong sayaw gamit ang malikhaing pagsayaw. Ipasa ang pangako sa susunod na pagkikita.

P A N G A K O

Pangalan: _____

Layunin: Pagpapakita ng pagpapahalaga sa Katutubong Galaw sa Makabagong Sayaw.

Ako si, _____ na nangangakong pagbubutihin ang pagpapakita ng katutubong sayaw galaw sa makabagong galaw sayaw. Bilang pagtupad sa aking pangako, ako ay gagawa at makikilahok sa mga gawaing makapagpapaunlad ng aking malikhaing pagsasayaw.

Mga gawaing na makapagpapaunlad sa kasanayang

“Malikhaing Pagsayaw”

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____
6. _____

Lagda ng Mag-aaral

Petsa ng Paglagda



Magaling!

Binabati kita dahil napagtagumpayan mo

Modyul na ito!!!!

Sanggunian

LM – Edukasyong Pangkatawan at Kalusugan -2015

K-12 Curriculum Guide - 2016

K-12 Gabay ng Guro - 2016

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph